REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-218

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGLALAAN NG IKA-APATNAPUNG BAHAGDAN (40%) NG LUPA SA ALABANG STOCK FARM PARA SA MAHIHIRAP NA TAGA-MUNTINLUPA SA PAMAMAGITAN NG PROGRAMA O PLANONG SOCIALIZED HOUSING NG PAMAHALAAN.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang paglalaan ng apatnapung bahagdan (40%) o bahagi sa Alabang Stock Farm ay magbibigay ng pagkakataon para sa mahihirap at mga wala pang lupang pag-aari na taga-Muntinlupa na magkaroon ng bahaging lupa na matatawag na kanila;

SAPAGKAT, malulutas ang suliranin sa iskuwater kung maipagkakaloob ang bahaging lupa para sa pabahay;

SAPAGKAT, magandang pagkakataon ito para sa pamahalaan na maipakita ang tunay na pagpapahalaga sa mahihirap upang magkaroon ng sariling lupang matitirhan;

SAPAGKAT, ang lupa ng Alabang Stock Farm ay angkop na angkop na pabahay para sa mga mahihirap na taga-Muntinlupa bunga ng kalapitan nito sa Kamaynilaan na karamihan ay dito'y nagsisipaghanapbuhay;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng paglalaan ng ika-apatnapung bahagdan (40%) ng lupa sa Alabang Stock Farm para sa mahihirap na taga-Muntinlupa sa pamamagitan ng programa o planong socialized housing ng pamahalaan.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 174th regular na pagpupulong na ginanap ngayong ika-14 ng Oktubre , 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts